


Trabaho

Ang ilang trabaho at lugar ng trabaho ay nauugnay sa mas mataas na panganib ng kanser sa suso. Upang mabawasan ang panganib na ito, dapat nating suportahan ang karapatan ng mga manggagawa sa isang malusog na kapaligiran sa trabaho sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga mapanganib na pagkalalantad at kundisyon na nauugnay sa kanser sa suso.

Buod ng Siyensya

Ang ilang trabaho ay naglalantad sa mga manggagawa sa mga panganib na nagpapataas ng panganib sa kanser sa suso. Ang mga halimbawa ay kinabibilangan ng mga 'flight attendant' at mga manggagawang pangkalusugan (radiyasyon), bumbero, mga manggagawa sa agrikultura at industriya (mga nakakalason na kemikal), mga panggaging manggagawa (ilaw sa gabi), at mga manggagawa na nakaupo nang matagal (kakulangan ng pisikal na aktibidad).

Ang ilang komunidad ay maaaring higit na apektado ng pagkalalantad sa lugar ng trabaho dahil sa pinagsama-samang epekto ng trabaho sa mga lokal na industriya, kalapitan ng tirahan sa mga industriyang iyon, sosyo-ekonomikong kalagayan, at iba pang mga panlipunang salik.



Ano ang maaari kong gawin para sa aking katawan at kalusugan?

Ang unang hakbang para protektahan ang iyong sarili ay ang pag-unawa sa iyong panganib sa lugar ng trabaho. Palaging gumamit ng protektibong kagamitan at sundin ang mga patakaran sa kaligtasan. Manatiling maalam tungkol sa mga regulasyon at makipagtulungan sa iyong taga-empleyo o unyon upang itaguyod ang mas ligtas na mga kundisyon.

Ang ilang mga programa ng estado ay idinisenyo upang tukuyin ang mga mapanganib na kalagayan at maiwasan ang pinsala at sakit sa trabaho (halimbawa, ang California Safe Cosmetics Program (CDPH), ang Hazard Evaluation System and Information Service (HESIS)).

“Oo, maaari nating turuan ang mga manggagawang mababa ang kita, tulad ng mga kasambahay, ngunit maraming mga kababaihang Itim at Latina ang nagtatrabaho para sa mga Puting tao na iginigiit na gumamit sila ng mga karaniwang produkto na maaaring nakakalason.”

**Elena mula sa Pagpupulong ng Komunidad para sa Plano sa Kanser sa
Suso sa San Francisco Bay Area**



Paano ako haharap at kukuha ng suporta sa anumang sistemikong hadlang sa aking kalusugan?

Kailangan ng mga manggagawa ng kolektibong kapangyarihan upang epektibong matugunan ang mga alalahanin sa lugar ng trabaho. Ang mga unyon ay may mahalagang papel sa edukasyon, pagpapalakas, at pag-lalobby para sa patas at ligtas na kundisyon sa trabaho. Gayunpaman, hindi sapat ang edukasyon ng mga manggagawa sa isyu kung wala silang kapangyarihang baguhin ang kanilang mga kundisyon. Ang mga kababaihan, lalo na ang mga natatakot mawalan ng trabaho, ay mas posibleng walang kapangyarihan o seguridad upang itaguyod ang kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Kailangan ng mas maraming pag-aaral na kinabibilangan ng sapat na malaking grupo ng mga kababaihan at isinasaalang-alang ang iba pang mahalagang salik ng panganib sa kanser sa suso upang mas mahusay na masuri ang pagkakalantad sa lugar ng trabaho.

Sa huli, ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang mga manggagawa ay pagbutihin ang mga batas at regulasyon at bigyan ang mga ahensya ng estado ng awtoridad at mga mapagkukunan upang ipatupad ang mga ito. Dahil sa kawalan ng balanse ng kapangyarihan sa pagitan ng mga korporasyon at manggagawa, ang gobyerno ay maaaring magbigay ng kinakailangang proteksyon.

"Dapat nating tiyakin na ang mga ahensyang pamproteksyon ng manggagawa sa estado at pederal ay may awtoridad, kapasidad, at lakas upang protektahan ang mga manggagawa."

Narito ang ilang mga pansistemang antas na aksyon na maaari nating gawin upang mabawasan ang mga panganib sa trabaho na nauugnay sa kanser sa suso:



Bumuo, kasama ang pagbabahagi ng mga manggagawa, ng mga pinakamahusay na kasanayan at patakaran sa industriya upang mabawasan ang pagkakalantad sa kemikal at iba pang mga salik ng panganib sa kanser sa suso sa lugar ng trabaho.



Lumikha ng mga programang edukasyon na naka-akma sa kultura, sa pakikipagtulungan sa mga manggagawang agrikultural, tungkol sa kanilang mga karapatan sa lugar ng trabaho, mga regulasyon sa kaligtasan, at kung paano itaguyod ang mas malakas na proteksyon upang mabawasan ang mga mapanganib na pagkakalantad.



Matuto pa at makilahok.

**TOGETHER, WE CAN
MAKE CHANGE!**

Ang **Breast Cancer Prevention Partners (BCPP)** ay ang nangungunang pang-advokasyang organisasyon na batay sa siyensya, na nagtrabaho upang maiwasan ang kanser sa suso sa pamamagitan ng pag-aalis ng ating pagkakalantad sa mga nakalalason na kemikal at iba pang mga pangkapaligiran na pagkakalantad na nauugnay sa sakit.